# The City Gazette

OFFICIAL ORGAN OF THE CITY GOVERNMENT

## CITY ORDINANCES

### Ordinance No. 60

IMPOSING GRADUAL LICENSE FEES ON THE BUSINESS OF SELLING IN SMALL SCALE, OLD AND USED SPARE PARTS OF AUTOMOBILES, BICYCLES, ELECTRICAL SUPPLIES, AND OTHER OLD AND USED ARTICLES; AND FOR OTHER PURPOSES.

BY virtue of the authority conferred upon me as Mayor of the City of Manila, and after consultation with the City Board, it is ordained that:

SECTION 1. *Permit and license.*—No person shall sell in shops, movable stands or by means of push carts old and used spare parts of automobiles, bicycles, electrical supplies and other used and old articles, without first having obtained a permit from the Mayor and a license from the City Treasurer, which shall be issued upon presentation of such permit.

SEC. 2. *Fees.*—For every license granted under the provisions of this Ordinance, there shall be paid an annual license fee, payable either semestrally or annually, at the option of the payer, as follows:

| | |
|---|---|
| Class A—For each shop with an area of two square meters or less | ₱15.00 |
| Class B—For each movable stand | 10.00 |
| Class C—For each push cart | 5.00 |

PROVIDED, That in case of shops wherein the articles above-mentioned are sold and with areas of over two square meters, the provisions of sections 752 and 753 of Ordinance No. 1600 of the former City of Manila shall govern.

SEC. 3. *Penalty.*—Any person who shall violate the provisions of this Ordinance shall be punished by a fine of not more than two hundred pesos or by imprisonment for not more than six months, or by both such fine and imprisonment, in the discretion of the court.

SEC. 4. *Repeal.*—The whole or part of any existing city or municipal ordinance in force in the component parts of the City of Manila, which is inconsistent herewith, is hereby repealed.

SEC. 5. *Effectivity.*—This Ordinance shall take effect on August 27, 1943.

Done at the City of Manila, this 22nd day of July, 1943.

LEON G. GUINTO
*Mayor*

### Kautusang Blg. 60

NA NAGPAPATAW NG BAIBAITANG NA BUWIS SA HANAPBUHAY NA PAGBIBILI NG UNTI-UNTI, LUMA AT NAGAMIT NANG BAHAGI NG AUTOMOBIL, BISEKLETA, KAGAMITAN SA ELEKTRISIDAD, AT IBA PANG LUMA AT NAGAMIT NANG PANINDA: AT SA IBANG LAYUNIN.

SA bisa ng kapangyarihang kaloob sa aking pagka-Alkalde ng Siyudad ng Maynila, at matapos makasangguni sa Lupon ng Siyudad, ay ipinag-uutos na:

TUNTUNING 1. *Pahintulot at lisensiya.*—Walang sino mang taong magbibili sa loob ng tindahan, nadadalang bilihan o sa pamamagitan ng itinutulak na kariton ng luma at nagamit nang bahagi ng mga automobil, bisikleta, kagamitan sa elektrisidad at iba pang nagamit na't lumang paninda, nang hindi muna nakapagtatamo ng isang pahintulot buhat sa Alkalde at isang lisensiya buhat sa Tagaingatyaman ng Siyudad, na ipagkakaloob sa paghaharap ng nasabing pahintulot.

TUNT. IKA-2. *Buwis.*—Sa bawa't lisensiyang ipagkaloob sa bisa ng mga tadhana ng kautusang ito, ay magbabayad ng isang buwis sa lisensiya, na pagbabayaran ng alin man sa tuwing animang buwan o taunan, ayon sa marapatin ng nagbabayad, na gaya ng sumusnod:

| | |
|---|---|
| Uring A—Sa bawa't tindahang may laking 2 metrong parisukat o maliit pa | ₱15.00 |
| Uring B—Sa bawa't nadadalang bilihan | 10.00 |
| Uring C—Sa bawa't karitong itinutulak | 5.00 |

*Nguni'y dapat matalastas,* na kung sa mga tindahang binabanggit sa unahan ginagawa ang pagbibili ng mga paninda at sa pook na may higit na dalawang metrong parisukat, ang mga tadhana ng Tuntuning ika-752 at 753 ng Kautusan Blg. 1600 ng dating Siyudad ng Maynila ay siyang susundin.

TUNT. IKA-3. *Parusa.*—Sino mang taong lumabag sa mga tadhana ng kautusang ito ay parurusahan ng isang multang hindi hihigit sa dalawang daang piso o ng pagkabilanggong hindi hihigit sa anim na buwan, o ang magkalakip na multa at pagkabilanggo, ayon sa marapatin ng hukuman.

TUNT. IKA-4. *Pagpapawalang bisa.*—Ang buo o bahagi ng alin mang umiiral na kautusan ng siyudad o munisipyo ng bahaging nasasakop ng Siyudad ng Maynila, na nasasalungat dito, ay pinawawalang bisa sa pamamagitan nitó.

TUNT. IKA-5. *Pagkakabisa.*—Ang kautusang ito ay magkakabisa sa ika-27 araw ng Agosto, 1943.

Inilagda sa Siyudad ng Maynila, ngayong ika-22 araw ng Hulyo, 1943.

(May lagda) LEON G. GUINTO
*Alkalde*